

COVID-19 Sertipiko ng Pagbabakuna

(Sertipiko ng Pagbabakuna(Vaccine passport))

Mabibigyan ng Sertipiko sa Pagbabakuna ang taong nakapagbakuna ng COVID-19 vaccine at nagpaplanong maklabay sa ibang bansa.

Sa mga nangangailangan ng Sertipiko sa Pagbabakuna(vaccine passport),manyaring ihanda ang kinakailangang dokumento at gumawa ng aplikasyon sa tanggapan o sa pamamagitan ng koreo.

<Kailangan na dokumento>

①Porma na aplikasyon

②Pasaporte

③Sertipiko ng Pagbabakuna:*Sesshuzumi Shomeisho*(vaccination voucher) o Sertipiko ng Kasaysayan ng Pagbabakuna:*Sesshu Kirokusho*(taong nagtatrabaho sa Ospital atbp)

※ Para sa mga taong nawalan ng Sertipiko ng Pagbabakuna o Sertipiko ng Kasaysayan ng Pagbabakuna ay kailangan maghanda ng patunay ng kanilang My number (My number card,Sertipiko ng Residensya:*Juminhyo* na may My number atbp)

④Mga pagkakakilanlan kapag may apelyido sa pagkadalaga,ibang apelyido at ibang pangalan sa kanilang pasaporte(naka-alpabetiko) ay kailangan ng dokumentong pagkukumpirmahan ng apelyido sa pagkadalaga,ibang apelyido at ibang pangalan(naka-alpabetiko)

⑤Sertipiko ng Pagtatalaga ng Kapangyarihan sa Kinatawan:*Ininjo*(Kailangan ng *Ininjo* kapag ang gagawa ng aplikasyon ay ibang tao. ※Sa mga menor 20 taong gulang pababa na kailangan ng Sertipiko ng Pagbabakuna,ang magiging aplikante ay magulang kaya hindi kailangan ng *Ininjo*.)

Aplikasyon sa Tanggapan →Makukuha ang vaccination passport sa ibang araw mula sa tanggapan.

Dalhin ang mga bagay ①~⑤ at mag-aplay sa Sentro ng Kalusugan(Hoken Senta).

【Pook】 Sentro ng Kalusugan sa Yaizu city (Yaizu-shi Hoken Senta) (Yaizu-shi Higashikogawa 1-8-1)

【Oras ng Pagtanggap】 Lunes~Biyernes 8:30am~5:15pm

<Babala>

※Kunin ito kapag nakatanggap ng tawag mula sa Sentro ng Kalusugan(Hoken Senta).

※Mula sa araw ng pag-aplay ay aabot ng 1~2 linggo bago mapailabas ito.

※Hindi tatanggapin kapag may mali sa isinulat sa application form.

Pag-aplay sa pamamagitan ng koreo →Ipapadala sa inyo ang Sertipiko ng Pagbabakuna.

Ilagay sa loob ng sobre ang ①~⑤ at ang sobrang gagamitin sa pagpadala pabalik(sulatan ng pangalan,tirahan ng aplikante at pagkitan ng selyo),kopya ng pagkakakilanlan na naglalaman ng lugar ng tirahan sa padadalhan nito (Kard ng Residensya,Lisensya sa Pagmamaneho atbp) pagkatapos ay ipadala tungo sa lugar sa ibaba.

※ Kapag nais ipadala gamit ang Special delivery:sokutatsu o Registered mail:kakitome,manyaring dagdagan ang gagamitin na selyo at sulatan ng 「速達:*Sokutatsu*」 o 「書留:*Kakitome*」.

【Patutunguhan】 〒425-0035 Yaizu-shi Higashikogawa 1-8-1

Yaizu-shi Kenko Dukuri-ka Wakuchin Sesshu Suishinshitsu

<Babala>

※Mula sa araw ng pag-aplay ay aabot ng 1~2 linggo bago mapailabas ito.

※Hindi tatanggapin kapag may mali sa isinulat sa application form.